


10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 4
Paghubog ng Konsiyensiya Batay
sa Likas na Batas Moral



Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 10
Alternative Delivery Mode

Unang Markahan: Paghubog ng Konsiyensiya batay sa Likas na Batas Moral
First Edition, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**

Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jacqueline P. Puyao

Editor: Annie Rose B. Cayasen, Ed.D - Regional EPS - EsP

Tagasuri: Erlinda C. Quinuan – Division EPS - EsP

Tagaguhit:

Tagalapat:

Tagapamahala: May B. Eclar, Ph.D. CESO V – Regional Director

Benilda M. Daytaca, EdD, CESO VI – OIC-SDS-SDO Benguet

Carmel F. Meris – Chief Education Supervisor CLMD

Ethielyn Taqued - Regional EPS - LRMDS

Edgar Madlaing – Regional EPS – AP/ADM Focal Person

Rizalyn A. Guznian, Ed.D. – Chief Education Supervisor CID

Sonia D. Dupagan, Ed.D. – Division EPS LRMDS

Vicenta C. Danigos – Principal I

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Unang Markahan – Modyul 4

**Paghubog ng Konsiyensiya batay
sa Likas na Batas Moral**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para matugunan ang iba't ibang paraan ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Hangad ng modyul na ito na maunawaan mong lubos ang kahalagahan ng Likas na Batas oral sa paghubog ng konsensiya. Ang saklaw ng araling napapaloob sa modyul na ito ay maaring makatulong sa mga sitwasyong maaaring harapin ng mag-aaral kinabukasan. Kinikilala sa bawat sitwasyong ginamit ang iba't-ibang kultura ng bawat mag-aaral na gagamit nito. Ang bawat aralin ay isinaayos ayon sa katangi-tanging paraan sa pagkatuto ng bata. Subalit ang mga aralin ay maaring sagutin ayon sa ayos nito sa gamit na sangguniang aklat.


Pagkatapos mong isagawa ang mga gawain sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod:

- A. 1. Napatutunayan na ang konsiyensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral ay nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasiya at pagkilos. (EsP10MP -Ic-2.3)

Aralin

1

ANG PAGHUBOG NG KONSENSIYA BATAY SA LIKAS NA BATAS MORAL



Subukin

PANUTO: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Kailan masasabi na ang paghusga ng konsensiya ay tama?
 - A. Ang paghusga ng konsensiya ay tama kung lahat ng kaisipan at dahilan na kakailanganin sa paglapat ng obhektibong pamantayan ay naisasakatuparan nang walang pagkakamali.
 - B. Ang paghusga ng konsensiya ay tama kung walang taong nasaktan dahil sa desisyong ginawa.
 - C. Ang paghusga ng konsensiya ay tama kung hindi kailangang pag-isipan ng maayos ang mga pasiyang kailangang gawin.
 - D. Ang paghusga ng konsensiya ay tama kung mas maraming tao ang nakinabang sa kinalabasan ng kilos.

2. Bakit ibinigay sa tao ang Likas na Batas Moral noong siya ay likhain?
 - A. Ibinigay sa tao ang Likas na Batas Moral noong siya ay likhain dahil nakikibahagi siya sa karunungan at kabutihan ng Diyos.
 - B. Ibinigay sa tao ang Likas na Batas Moral noong siya ay likhain dahil nilikha siya ng Diyos ayon sa kanyang wangis.
 - C. Dahil tao lang ang may isip at kilos-loob
 - D. Dahil tao lang ang may kakayahang gumawa ng tama.

3. Alin sa mga sumusunod ang unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?
 - A. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay
 - B. Gawin ang mabuti,iwasan ang masama
 - C. Kasama ang hayop, likas sa tao ang pagpaparami
 - D. May likas na kahiligan ang tao na alamin ang katotohanan.

4. Bakit mahalaga ang tamang paghubog ng konsensiya?
 - A. Mahalaga ito upang maging ganap na tao
 - B. Nakatutulong ito sa tao na makilala ang katotohanan
 - C. Mahalaga ito upang hindi makagawa ng masama
 - D. Nakatulong ito sa pagpapakatao ng tao.

5. Ano ang ibinigay sa tao noong siya ay likhain?
 - A. Damit
 - B. Pangalan
 - C. Likas na Batas Moral
 - D. Puso

6. Alin sa mga sumusunod ang nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasya at pagkilos?
 - A. Batas
 - B. Mga pagtuturo ng magulang tungkol sa tama o mali.
 - C. Konsensiyang nahubog sa Batas-Moral
 - D. Mga batas ng mga may awtoridad

7. Alin sa mga sumusunod ang sinusuri ng konsensiya?
 - A. Puso
 - B. Pamumuhay ng isang tao
 - C. Ang mga maling nagawa ng tao
 - D. Kung ang kilos ay tama o mali

8. Bakit mahalagang makilala ng tao ang katotohanan sa kahalagahan ng paghubog sa konsensiya?
 - A. Upang magamit nang mapanagutan ang kaniyang kalayaan.
 - B. Upang makaiwas sa paggawa ng kasalanan
 - C. Upang alam ang gagawin sa mga susunod na araw
 - D. Upang magkaroon ng maayos na pamumuhay

9. Bakit mahalagang simulan mula bata ang paghubog ng konsensiya?
- Mahalaga ito upang makaiwas sa gulo.
 - Mahalaga ito upang makaiwas sa maling paghusga sa mabuti o masama sa hinaharap.
 - Mahalaga ito upang ang gagawin ng bata sa hinaharap ay pawang kabutihan
 - Mahalaga ito upang masanay siya sa tamang pamumuhay.
10. Ang mga sumusunod ay mga paraan upang maipakita ang pananagutan sa kilos maliban sa isa.
- Alamin at unawain ang mga talakayan tungkol sa isyung moral
 - Kilalanin ang mga tunay na pagpapahalagang moral na sangkot sa isang kilos
 - Iwasan ang mga usapin tungkol sa isyung moral na may kinalaman sa kilos.
 - Suriin ang mga sariling hangarin.
11. Bakit kailangan nating maglaan ng panahon para sa regular na pananalangin?
- Dahil sa pamamagitan nito nahuhubog ang ating konsensiya
 - Dahil ito ay nakasaad sa Likas na Batas Moral
 - Dahil nakasanayan na nating manalangin
 - Dahil ito ang turo sa atin ng Diyos
12. Saan nagmula ang ating kakayahang maunawaan at piliin ang mabuti patungo sa mabuting pagkilos?
- Nagmula ito sa mga itinuro sa atin ng ating mga magulang
 - Nagmula sa konsensiyang nahubog nang mahusay
 - Nagmula sa ipinamana ng magulang
 - Nagmula sa mga natututunan sa paaralan
13. Kailan natin masasabi na hinuhubog natin ang ating konsensiya?
- Kapag kumikilos tayo nang may pananagutan
 - Kapag kumikilos tayo ayon sa utos ng may likha
 - Kapag kumikilos tayo ayon sa kagustuhan natin
 - Kapag kumikilos tayo na walang nasasaktan
14. Alin sa mga sumusunod ang hakbang na makatutulong upang ang konsensiya ng tao ay kumiling sa mabuti?
- Iwasan ang mga pagkakamaling nagawa
 - Talikuran ang mga pagkakamali
 - Unawain at pagnilayan ang mga karanasan na hamon ng buhay
 - Humingi ng tulong sa tamang tao kapag kinakailangan

15. Alin sa mga sumusunod ang pamantayang ginagamit ng tao upang suriin ang iniisip, salita at gawa?
- A. Puso
 - B. Likas na Batas Moral
 - C. Konsensiya
 - D. Kilos-loob

Sa modyul 3, napag-usapan natin ang tungkol sa kahulugan ngkonsensiya, mga uri ng kamangmangan, mga yugto ng konsensiya at mgaprinsipyo ng Likas na Batas Moral. Sa ating buhay, marami tayong mga katanungan. Sa pamamagitan ng ating konsensiya, nakagagawa tayo ng mga pasya na maaaring makaapekto sa ating pamumuhay. Gaya nga ng sinasabi ng karamihan, “pag-isipan mo muna ng maraming beses bago ka gumawa ng pasiya”. Ang konsensiya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad na gumagabay sa ating pamumuhay sa ating kabutihan.



Balikan

PANUTO: Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa iyong sariling karanasan.

1. Naranasan mo na bang pasya na pinagsisisihan mo ang epekto nito? May nasaktan ka bas a ginawa mong pasya na ito? Bakit?

2. Paano mo naitama o nalampasan ang pasyang iyong nagawa?



Tuklasin

Gawain 1. Tukuyin mo

PANUTO: Lagyan ng Lang patlang bago ang numero kung ito ay nagpapatunay na ang konsensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral ay nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasya at pagkilos at **X** kung hindi.

- _____ 1. Alam ng tao ang mabuti at masama at ang magiging epekto nito sa sarili.
- _____ 2. Nararamdaman niya na hindi niya dapat ginawa ang isang maling bagay, hindi dahil sa ito ay ipinagbabawal o nasa batas sa halip alam/nakikita niya mismo ang mali dito.
- _____ 3. Inuuna ang pansariling kabutihan bago ang iba kahit alam niyang mali ito.
- _____ 4. Isinasabuhay ng tao ang mga salita at utos ng Diyos.
- _____ 5. Tinitimbang ng tao ang mga katotohanan bago gumawa ng isang hakbang.
- _____ 6. Ang paraan ng pagkilos ay nagmula sa konsensiyang nahubog ng maayos.
- _____ 7. Pagsisiswalat ng mga impormasyon tungkol sa pinakamatalik na kaibigan dahil sa hindi pagkakaunawaan.
- _____ 8. Sinusuri nang maayos ang sariling hangarin upang matiyak na kumikilos na ayon sa mabuting layunin.
- _____ 9. May kakayahan ang tao na maunawaan at piliin kung ano ang mabuti patungo sa mabuting paraan ng pagkilos.
- _____ 10. Ibinubulsa ang kaban ng bayan dahil sa sobrang kahirapan ng buhay at wala namang nakaka-alam sa kilos na ginagawa.




Suriin

Ano ang kaugnayan ng konsensiya sa Likas na Batas Moral?

- Sa pamamagitan ng konsensiya nakagagawa ang tao ng pagpapasiya at nasusunod ang Batas-Moral sa kaniyang buhay.
- Ang konsensiya ang pamantayang ginagamit ng tao upang suriin ang iniisip, salita at gawa ayon sa Likas na Batas Moral na siya namang batayan upang malaman ang mabuti at masama sa natatanging sitwasyon.
- Sinusuri ng konsensiya ang kilos kung ito ay tama o mali
- Ang konsensiya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad.


Mga antas ng paghubog ng konsensiya

1. **Ang antas na likas na pakiramdam at reaksiyon.** Nagsisimula ito sa pagkabata. Hindi alam ng bata kung ano ang tama o mali. Umaasa lamang siya sa mga paalala, paggabay at pagbabawal ng kanyang ga magulang o ng mga mas nakatatanda.
2. **Ang antas ng superego.** Malaki ang bahaging ginagampanan ng may awtoridad sa pagpapasya at pagkilos ng bata. Itinuturo sa bata kung ano ang mga ipinagbabawal sa lipunan at nagiging bahagi na ito ng kanyang buhay nang hindi namamalayan.



Ayon kay Sr. Felicidad Lipio (2004, ph 55-58), mahuhubog ang konsensiya ng tao upang kumiling ito sa mabuti kung susundin ang mga hakbang.

1. **Matapat at masunuring isagawa ang paghahanap at paggalang sa katotohanan.** Maipakikita ang pananagutan sa kilos kung gagawin ang mga sumusunod.
 - a. Kilalanin at pagnilayan ang mga tunay na pagpapahalagang Moral na sangkot sa isang kilos.
 - b. Suriin ang mga sariling hangarin upang matiyak na kumikilos sa mga mabuting layunin at hindi mula sa makasariling interes.
 - c. Unawain at pagnilayan ang mga karanasan at hamon sa buhay.
 - d. Alamin at unawain ang mga talakayan tungkol sa mga napapanahong isyung moral at mga implikasyong panlipunan ng mga ito.
2. Naglalaan ng panahon para sa regular na panalangin. Ang pakikipag-ugnayan natin sa Diyos ay nakatutulong sa pagpapanatag ng kalooban, paglinaw ng pag-iisip at kapayapaan ng puso.




Pagyamanin

Gawain 2. Balikan mo

PANUTO: Basahin at unawain ang mga sumusunod na panuto.

1. Magtala ng dalawang karanasan kung saan nakaranas ka ng “krisis” o kahirapan sa pamimili ng tama at mabuting pasiya.
2. Kaugnay ng sitwasyong ito, bumuo ng mabuting pasiya kung mahaharap sa parehong sitwasyon.
3. Gawing gabay ang nasa ibaba.



Gawain 3. Pagpapasya

PANUTO: Suriin nang maayos ang mga sumusunod na sitwasyon. Sa tapat ng bawat sitwasyon, gumawa ng sariling pasya at ipaliwanag kung bakit ito ang naging pasya.

Sitwasyon	Ano ang gagawin mo (pasya)	Bakit ito ang naging pasya? (paliwanag)
1. Inaya ka ng mga kaibigan mo na tumambay muna sa isang lugar at ag-inuman. Gustong gusto mong sumama dahil matagal na kayong hindi lumalaas. Ngunit naalala mo ang bilin ng iyong mga magulang tungkol sa paggawa ng mabuti.		
2. Isang araw, dumating ang isa sa pinaka mahirap na pagsubok sa iyong buhay. Kailangan ng pamilya mo ang malaking halaga ng pera. Habang ikaw ay naglalakad, may nakita kang wallet na nahulog. Walang nakakita sa'yo nang ito'y iyong pulutin. Ang laman nito ay sobra pa sa kinakailangan ng pamilya mo. Walang ibang nakalagay sa wallet kundi ang pera lang.		
3. May nagawang hindi inaaasahang pagkakamali ang iyong mga magulang. Inilihim ninyo ito dahil sa maraming rason. Dahil hindi ka mapakali, ibinahagi mo ito sa iyong matalik na kaibigan. Isang araw pagpasok mo ng paaralan, nahuli mong pinagkakalat ng kaibigan mo ang nagawa ng iyong mga magulang at hinuhusgahan ka ng mga kapwa mo mag-aaral. Nasaktan ka sa ginawa ng iyong kaibigan at gusto mo siyang awayin.		
4. Dahil sa pandemia na Covid 19, marami ang nangangailangan ng tulong. Ang utos ng Gobyerno, ang magpapalista lang ay ang mga walang mapagkukunan ng pera dahil walang trabaho. Parehong may permanenteng trabaho ang mga magulang mo ngunit nagpalista pa rin sila. Samantalang ang kapitbahay ninyo ay hindi inilista kahit alam nilang walang wala na sila.		
5. Isang daan nalang ang natitira mong pera. Dahil sa lockdown hindi ka makaka-uwi upang humingi ng pera sa iyong mga magulang. Wala ka nang pagkain ngunit gustong-gusto mo nang magload para makapag laro ng ML para hindi ka maiwan ng mga kaibigan mo.		




Isaisip

Gawain 4. Ayusin at Buuin mo

PANUTO: Punan ang mga patlang sa bawat pangungusap. Ayusin muna ang mga letra sa kahon bago piliin ang tamang sagot sa patlang.

GNAYISNESNOK - _____	MLIA - _____	AAYBG - _____
PPPAAAAGYIS - _____	IIUUSSNR - _____	TMAA - _____
LKSIO - _____	PGKLAIOS - _____	

1. Ang _____ nahubog batay sa Likas na Batas Moral ay nagsisilbing _____ sa tamang _____ at _____ .
2. _____ ng konsensiya ang _____ kung ito ay _____ o _____ .



Isagawa

Gawain 5. Natutunan mo, Ibahagi mo

PANUTO: Sagutin ang tanong sa ibaba sa pamamagitan ng isang sanaysay.

Paano magsisilbing gabay sa pagpapasiya at pagkilos ang konsensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral?

Mga pamantayan sa Gawain

Pamantayan	Iskala	Iskor
Nilalaman	10	
Pagbuo	5	
Pagkamalikhain	5	
Kabuuan	20	



Tayahin

PANUTO: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang dahilan kung bakit may Likas na Batas Moral?
 - A. Hindi ito maihahalintulad sa pagbabago na hindi natatapos.
 - B. Kailangan ito ng lahat ng tao
 - C. Mahalagang isabuhay ng bawat isa para sa ikabubuti ng lahat.
 - D. Upang bigyang direksiyon ang pamumuhay ng tao.
2. Ang konsensiya ng tao kung saan nakalapat na ang Lkas na Batas Moral ay ginagamit na _____.
 - A. Pagbabago sa mga bagay na nagawa.
 - B. Batayan ng kabutihan ng mga gawain.
 - C. Personal na pamantayang moral ng tao.
 - D. Batayan sa karunungan at kabutihan ng Diyos..
3. Ano ang layunin ng Likas na Batas Moral?
 - A. Kalayaan ng tao
 - B. Kabutihan ng tao
 - C. Kahusayan ng tao
 - D. Kaayusan ng tao
4. Ito ang ginagamit sa pagpapasiya kung ano ang tama at mali sa kasalukuyang panahon.
 - A. Likas na Batas Moral
 - B. Konsensiya na nahubog sa batas-moral
 - C. Kalayaan
 - D. Isip, puso at kamay
5. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman ganap na mahahanap ng tao ang _____.
 - A. Katotohanan
 - B. kapayapaan
 - C. yaman
 - D. katalinuhan
6. Alin sa mga sumusunod ang kahalagahan ng paghubog ng konsensiya?
 - A. Mahalaga ito upang maging ganap na tao
 - B. Nakatutulong ito sa tao na makilala ang katotohanan
 - C. Mahalaga ito upang hindi makagawa ng masama
 - D. Nakatutulong ito sa pagpapakatao ng tao.

7. Ito ay pamantayang ginagamit ng tao upang suriin ang iniisip, salita at gawa
 - A. Kilos-Loob
 - B. Konsensiya
 - C. Mga batas
 - D. May awtoridad

8. Ano ang dahilan kung bakit mahalagang malaman ng tao ang katotohanan tungkol sa paghubog ng konsesniya?
 - A. Upang alam ang gagawin sa mga susunod na araw
 - B. Upang magamit nang mapanagutan ang kaniyang kalayaan.
 - C. Upang makaiwas sa paggawa ng kasalanan
 - D. Upang magkaroon ng maayos na pamumuhay

9. Bakit kailangan nating maglaan ng panahon para sa regular na pananalangin?
 - A. Dahil sa pamamagitan nito nahuhubog ang ating konsensiya
 - B. Dahil ito ay nakasaad sa Likas na Batas Moral
 - C. Dahil nakasanayan na nating manalangin
 - D. Dahil ito ang turo sa atin ng Diyos

10. Isa sa mga sumusunod ang hakbang na makatutulong upang ang konsensiya ng tao ay kumiling sa mabuti.
 - A. Humingi ng tulong sa tamang tao kapag kinakailangan
 - B. Iwasan ang mga pagkakamaling nagawa
 - C. Talikuran ang mga pagkakamali
 - D. Unawain at pagnilayan ang mga karanasan a hamon ng buhay

11. Ano ang nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasya at pagkilos?
 - A. Batas
 - B. Mga pagtuturo ng magulang tungkol sa tama o mali.
 - C. Konsensiyang nahubog sa Batas-Moral
 - D. Mga batas ng mga may awtoridad

12. Alin sa mga sumusunod ang sinusuri ng konsensiya?
 - A. Kung ang kilos ay tama o mali
 - B. Pamumuhay ng isang tao
 - C. Ang mga maling nagawa ng tao
 - D. Kung nakagawa ka ng kabutihan


13. Alin sa mga sumusunod ang kahalagahan ng pagsisimula mula pagkabata ang paghubog ng konsensiya?
 - A. Mahalaga ito upang makaiwas sa gulo.
 - B. Mahalaga ito upang makaiwas sa maling paghusga sa mabuti o masama sa hinaharap.
 - C. Mahalaga ito upang ang gagawin ng bata sa hinaharap ay pawang kabutihan
 - D. Mahalaga ito upang masanay siya sa tamang pamumuhay.

14. Ang ating kakayahang maunawaan at piliin ang mabuti patungo sa mabuting pagkilos ay nagmula sa _____.

- A. Nagmula ito sa mga itinuro sa atin ng ating mga magulang
- B. Nagmula sa mga itinuturo ng mga awtoridad.
- C. Nagmula sa ipinamana ng magulang
- D. Nagmula sa konsensiyang nahubog nang mahusay

15. Kailan natin masasabi na hinuhubog natin ang ating konsensiya?

- A. Kapag kumikilos tayo na walang nasasaktan
- B. Kapag kumikilos tayo nang may pananagutan
- C. Kapag kumikilos tayo ayon sa autos ng may likha
- D. Kapag kumikilos tayo ayon sa kagustuhan natin



Karagdagang Gawain

PANUTO: Sa pamamagitan ng pagsulat ng kanta, tula o pagguhit, sagutin ang tanong. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Tanong: *Paano magsisilbing gabay ang konsensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral sa tamang pagpapasiya at pagkilos?*

Mga pamantayan sa Gawains

Pamantayan	Iskala	Iskor
Nilalaman	5	
Organisasyon	5	
Pagkamalikhain	5	
Kabuuan	15	



Susi sa pagwawasto

<p style="text-align: right;">Tuklasin</p> <p>1. / 2. / 3. X 4. / 5. / 6. / 7. X 8. / 9. / 10. X</p>	<p style="text-align: right;">Tayahin</p> <p>1. D 2. C 3. B 4. B 5. A 6. B 7. B 8. B 9. A 10. D 11. C 12. A 13. B 14. D 15. B</p>	<p style="text-align: right;">Subukin</p> <p>1. A 2. A 3. B 4. B 5. C 6. C 7. D 8. A 9. B 10. C 11. A 12. B 13. A 14. C 15. D</p>
--	--	--

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao 7, Modyul para sa mga mag-aaral; Modyul 6;
Ang kaugnayan ng Konsensiya sa Likas na Batas Moral

Edukasyon sa Pagpapakatao 10, Modyul para sa mga mag-aaral; Modyul 3:
Paghubog ng Konsensiya batay sa Likas na Batas Moral.

Project EASE: Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Modyul Blg. 7 ph. 4/13

<https://www.slideshare.net/sheter/modyul-6-konsensiya> Ang kaugnayan
ngKonsesniya sa Likas na Batas Moral

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph